MAIL PERMIT No. 2C-17-05-522/ ENTERED AS 1ST CLASS ISSN: 2546-0536

# HANEP

Basahin Mo Ito!

Taon 5 Blg.4 Hunyo 1-7, 2020 P10.00

# DOH-CALABARZON, NAMAHAGI NG 98 AMBULANSIYA SA REHIYON

pahina 2



## MASAYANG MALUNGKOT SI HEART EVANGELISTA?

pahina 9



GINUNITA ang National Flag Day kamakailan sa Maynila na pinangunahan ni Mayor Fransisco Isko Moreno Domagoso. (Christian Heramis)

## DELIVERY RIDERS AT SM MALLS IN CAVITE




p. 6

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0929-8127638

# DOH-CALABARZON, NAMAHAGI NG 98 AMBULANSIYA SA REHIYON

**AABOT sa 98 na mga bagong ambulansiya ang ipinagkaloob ng Department of Health (DOH)-CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) sa 9 na ospital sa rehiyon.**

Ayon kay CALABARZON Regional Director Eduardo C. Janairo, gagamitin ang nabanggit na mga ambulansiya ngayon panahon na may pandemic at sa programa ng Balik Probinsiya.

“These emergency vehicles will be used in responding to the present pandemic, in preparation of a surge or second wave of the virus, preparing for the new normal, preparing for the Balik-Probinsya program and preparing for the next epidemic/pandemic” ayon kay Janairo.

Ang naturang mga ambulansiya ay binili ng Regional Office sa ilalim ng Health Facility Enhancement Program (HFEP).

Kabilang sa mga ospital na recipients sa unang tranche ng mga bagong ambulansiya ay ang Imus District Hospital sa Cavite; San Pedro District Hospital at Sta. Rosa Community Hospital sa Laguna; Don Manuel Lopez Memorial District Hospital at Malainin Barangay Health Station sa Batangas; Antipolo Hospital System IV (Mambugan) at Rodriguez Rural Health Unit 2 sa Rizal; at Bondoc Peninsula District Hospital at San Narciso Municipal Hospital sa Quezon.

Paliwanag na Janairo na priority dito na bibigyan ay ang mga lugar na nangangailangan ng emergency vehicles at kasama rin dito ang pagbibigay ng training sa mga personnel na mago-operate at hahawak sa mga ambulansiya.

Ayon pa kay Janiaro, importante na mayroong silang proper knowledge sa essential life support, gaya ng cardiopulmonary resuscitation o CPR.

“An ambulance driver must be able to travel in any given traffic situations with caution and readiness and without risking the safety of the public or the patient. They should also ensure that the vehicle is sufficiently fueled and complete with the necessary medical supplies,” paliwanag pa ng Regional Director.

Paalala pa ni Janairo na huwag itong gawing service ng opisina o personal na sasakyan at iwasan din na magpabayad o maningil ng pang gasolina sa paggamit ng mga pasyente ng ambulansya. **GENE ADSUARA**

# Number 1 most wanted, timbog

Nadakma ng mga tauhan ng Manila Police District o MPD ang isang top 1 most wanted drug personality ng MPD-PS 10 sa Quiapo, Maynila.

Ang suspek ay kinilalang si Michael Guiriba, 44, binata, at residente ng 2140 Old Balagtas St., Pandacan, Maynila.

Si Guiriba ay naaresto sa kahabaan ng Arlegui St. sakop ng Brgy 387 Zone 39, Quiapo.

Sa ulat, nakatanggap ng impormasyon ang MPD-PS 10 mula sa regular na confidential informant sa kinaroroonan ng suspek.

Matapos ang isinagawang mga serye ng surveillance at validation ng Station Intelligence Branch (SIB), Pandacan Police Station (PS-10) sa pangunguna ni PCPT Geo A Colibao, hepe ng Intel sa ilalim ng superbisyon ni PLTCOL Rolando Bumagat na Station Commander naman ng PS-10, isinilbi ang Alias Warrant of Arrest laban sa suspek na inisyu ni Hon. Judge Alma Crispina B. Collado-Lacorte ng Manila RTC Branch 21.

Pansamantalang nakakulong si Guiriba sa Station Custodial and Detention ng Pandacan Police Station (PS-10) habang hinihintay ang paglabas ng kaniyang commitment order ng korte. **(leonard basilio)**

# Cavite prepares for post-COVID ‘New Normal’ world

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite (PIA)** -- Cavite Governor Jonvic Remulla expressed his concerns on how classes could safely resume, how the province's economy could fully recover and how could the corona virus be eradicated and somehow bring normalcy to the province.

Two measures were seen as immediate solutions to the first two concerns: targeted testing, and investment in a post-Covid world.

The governor emphasized the importance of testing everone but not possible thus, the provincial government focused on targeted testing beginning with the frontliners who were tested this week.

As previously stated, succession for the targeted testing after the frontliners/healthworkers are the police personnel then followed by factory workers, some senior citizens, then public school teachers, and the students that should be tested before the school year starts on August 24, 2020.

Governor Jonvic reported the current testing capacity of the De La Salle Medical Health Sciences Institute (DLSM-HSI) laboratory is about 300 tests a day but with the new laboratory, about 8,000 tests could be accommodated daily by next week.

"This will somehow speed up the completion of the targeted testing in the province, but then again the mass testing is not feasible," the Gov. said.

Delving on the issue on securing the confidence of the parents for the safety of their children during the resumption of classes, the governor thought of investments to be made to ensure the children's safety and the continuation of their education.

He saw the need to set up hand washing facilities in every school. The barangay basketball covered courts will be used as alternative remote learning centers due to imminent shortage of classrooms to allow social distancing in school, and investment for free WIFI with estimated cost of Php1B with about 15, 000 computers to be installed in the province.

Also, targeted testing for the teachers and students will not be a onetime activity but should be year round to ensure their continued health and safety and control the possible infection in the school premises.

Likewise, part of the safety protocols would be the provision of mass transportation for the students to minimize the risk of exposure to the corona virus and to any other accidents.

Governor Remulla said, "We will continue to talk to the mayors and congressmen about these concerns. Rest assured, we will continue to look for solutions to these problems." **(Ruel Francisco, PIA-Cavite/ with reports from the FB page of Governor Jonvic Remulla)**

# Lider ng drug group; tigbak, kumasa sa parak

Patay ang isang lider ng kilabot na drug group at tinaguriang top 3 most wanted person ng Manila Police District Level, matapos manlaban umano sa mga operatiba.

Sa ulat ng MPD, isisilbi ang warrant of arrest sa suspek na kinalalang si Dante Alvear sa Longos St., Brgy Bonuan Boquig, Dagupan City, Pangasinan nang mangyari ang insidente kamakailan.

Kasama si Manila Special Mayors Reaction Team P/ Major Rosalino Ibay Jr, at iba pang operation units ng MPD sa koordinasyon ng SATT 2 Pangadian PFU-CIDG nang isilbi ang arrest warrant laban sa suspek.

Nang malaman umano ng suspek ang presensya ng mga awtoridad, agad itong nagpaputok sa mga pulis dahilan para gumanti naman ng putok si PCPL Bismark Somera dahilan para tamaan sa ibat-ibang bahagi ng katawan ang suspek.

Nakuha naman kay Alvear ang idang kalibre 45 at ilang piraso ng sachet ng marijuana at hand grenade.

Si Alvear, alyas Balong, ay lider umano ng namarkahang drug group ng MPD na nag-ooperate sa Maynila, at sinasabing responsable sa serye ng pagpatay kabilang na dito ang pagkitil sa buhay ng isang barangay kagawad at dalawang MPD Police officers.**(leonard basilio)**

# DA CALABARZON nagkaloob ng livelihood assistance sa mga magsasaka sa ilang bayan sa BonPen

**LUNGSOD NG CALAMBA, Laguna (PIA)** --Nagkaloob kamakailan ang Department of Agriculture (DA) Region IV-CALABARZON ng livelihood assistance para sa mga backyard hog raisers na apektado ng African Swine Fever (ASF) sa ilang bayang nasasakupan ng Bondoc Peninsula sa lalawigan ng Quezon.

Sa pamamagitan ng Regional Livestock Program ng DA Region IV-CALABARZON, may 348 kambing ang ipinamahagi sa mga magsasaka sa mga bayan ng Catanuan (57 kambing), Mulanay (239 na kambing) at San Nicolas (52 kambing) noong Mayo 19, 2020.

Nauna rito, nagkaloob na rin ng mga baka ang DA Region IV-CALABARZON sa mga nabanggit na bayan noong Abril 22, 2020 sa pakikipag-ugnayan sa provincial veterinary office at sa mga municipal agriculture office sa bawat bayan.

Sinabi ni Regional Director Arnel de Mesa ng DA Region IV-CALABARZON na sila ay palagiang nakahanda upang suportahan ang mga apektadong magsasaka sa pamamagitan ng pagkakaloob ng baka, kambing, manok at broiler bilang alternatibong hanapbuhay kapalit ng pag-aalaga ng baboy.

"Bagamat wala pang bakuna laban sa nakamamatay na sakit na ito ng mga baboy, kinakailangan suportahan ang mga backyard hog raisers sa pamamagitan ng pagbibigay ng feeds, pabahay, kulungan ng mga hayop, gamot upang maipagpatuloy ang kanilang produksyon at mapagkakakitaan," ani ni de Mesa.

Maliban sa pagkakaloob ng mga livestock inputs, isa rin ang urban gardening na isinusulong para sa mga apektadong nagaalaga ng baboy. Sa mga interesadong magsasaka, maaari silang makakuha ng urban gardening package na binubuo ng mga buto ng gulay, organic fertilizer, mga kagamitan sa pagtatanim at mga kinakailangan info-materials.

"Kaugnay ng rehabilitation program para sa mga magsasakang apektado ng ASF, ang regional office ay patuloy sa pagpapatupad ng mga kinakailangang precautionary measures at interventions upang mapigilan ang paglaganap ng ASF sa rehiyon," pagtatapos ni de Mesa. **(CPG, PIA-4A at ulat mula sa DA-RFO IVA, RAFIS)**

## USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

# Kayabangan at kawalan ng tamang disiplina

NAKAKALUNGKOT isipin na nitong mga nagdaang buwan ay marami pa rin ang naitalang kaso ng vehicular accident sa bansa.

Mga panahong maluwag naman ang bawat lansangan dahil limitado lamang ang mga sasakyan sa pagbibiyahe.

Dahil maluwag nga ang kalsada kaya naman may mga ilan tsuper na walang habas sa kanilang pagmamaneho.

Iyon bang tipong akala mo ay mauubusan ng daan na halos walang pakialam.

Kunsabagay, kahit wala pa naman ang covid-19 ay kitang-kita na ang kawalan ng disiplina sa pagmamaneho ng ibang driver.

Bakit nga ba na kapag nakahawak ng manibela ang ilan ay kakaiba na makaasta?

Kapag nakadisgrasya ay isasagot at ikakatwiran na hindi naman sinasadya dahil aksidente ang nangyari.

Kumbinsido ba kayo sa mga ganitong sagot at katwiran?

Sa bawat paglabas ko, sa tuwing ako ay nasa biyahe ay hindi nakakaligtas sa aking paningin ang ilang tanawin.

Makakakita ka ng sasakyan na palipat-lipat ng lane at sige lang sa pag-over-take.

Ang nagmamaneho naman niyon ay walang patid sa kabubusina, na para bang ibig pakuhulugan ay tumabi o magbigay daan sa kanya ang ibang sasakyan.

Napakaraming eksena sa mga lansangan mula sa mga kamay ng ilang driver na ang pagmamaneho ay idinadaan sa ala-tsamba.

Sa sampung tsuper sa lansangan, masuwerteng isa o dalawa rito ay tunay na may didiplina sa pagmamaneho.

Tayo po ay nananatili pa rin sa abnormal o maselang sitwasyon sa kasalukuyan.

Hirap sa transportasyon dahil nga sa pinaiiral na mga alituntuning dulot ng virus na ito.

Nakikitang solusyon ay ang paggamit ng single motorcycle, e-bike at bisikleta.

Sabi ko nga, sa sampung tsuper na nasa lansangan ay masuwerte na may isa o dalawang matino magmaneho.

Ibig sabihin ay nasa walo ang driver na balasubas sa pagmamaneho kaya paano na ang kaligtasan ng mga nagmomotor, nagbibisikleta at gumagamit ng e-bike?

Napakaliit sa katotohanan na ang sanhi ng vehicular accident ay bunga ng katagang 'aksidente' bagkus ito ay dulot ng kayabangan at kawalan ng tamang disiplina sa pagmamaneho.

# Kauna-unahang COVID isolation facility para sa PDLs, binuksan sa Batangas

**IBAAN, Batangas (PIA)** --Isinagawa ang pagbabasbas bilang hudyat ng pagbubukas at turn-over ng Batangas Provincial Isolation Facility at Specially-Designed Quarantine Facility for Persons Deprived of Liberties (PDL) sa Brgy. Malainin sa bayang ito noong ika-21 ng Marso,2020.

Nauna na rito, isinagawa ang pagbabasbas sa naturang pasilidad at sinundan ng isang simpleng seremonya kung saan iniabot ni Dra. Rozvilinda Ozaeta na kumatawan kay Batangas Governor Hermilando Mandanas ang kopya ng Memorandum of Agreement (MOA) at imbentaryo ng kagamitan at service vehicle kay Department of Health (DOH) Calabarzon Regional Director Dr. Eduardo Janairo.

Ayon kay Janairo, hindi madali ang gumawa o bumuo ng isang isolation facility dahil madaming hamon ang kinakaharap ng isang lokal na pamahalaan sa pagtatayo nito.

"Ang lalawigan ng Batangas ang pinakaunang lalawigan na nagpasimula upang maisakatuparan ang paglalagay ng isolation facility para sa Persons Deprived of Liberty na magpopositibo sa COVID-19. Maaari silang alisin sa kanilang kulungan at ilagay sa ganitong pasilidad upang mabigyan ng karampatang atensyong medikal at maiwasan ang pagkakahawaan. Maaari ding ilagay dito ang iba pang residente na magpositibo sa virus na nasa kabilang gusali upang mahiwalay sa mga PDL. Katuwang natin ang Philippine National Police sa pagmimintina ng pasilidad na ito," ani Janairo.

Sa mensahe naman ni Police Regional Office IVA Director Gen. Vicente Danao, sinabi nito na may 15 PNP health personnel ang nakikipag-ugnayan sa DOH para sa pangangasiwa ng mga inmates na madedetina sa isolation facility kung sakaling tamaan ng naturang virus.

"Ang atin pong mga kapulisan ay patuloy na katuwang ng ating pamahalaan sa paglaban sa virus na ito kaya't ang ating hanay ay patuloy ang pagpapalakas upang matupad namin ang aming sinumpaang tungkulin," ani Danao.

Sa kasalukuyan ang Isolation Facility para sa PDL's ay may kapasidad na 100 at sa pagturn-over nito sa DOH upang mabigyan ng karagdagang pondo at pangangailangan ay inaasahang maiitaas ito sa 300 bed capacity. Pinaplano din na magkaroon ito ng mini-hospital upang hindi na kailangang lumabas at pumunta ng Batangas Medical Center.

Batay sa nakasaad sa MOA sa pagitan ng Pamahalaang panlalawigan ng Batangas at DOH Calabarzon, ang DOH ang mangangasiwa sa operasyon at pamamahala ng pasilidad, pagtatalaga ng empleyado, working capital at iba pang pangangailangan sa pasilidad upang labanan ang COVID pandemic.

Nakapaglaan naman ang pamahalaang panlalawigan ng halagang P50M para sa conversion ng naturang pasilidad. Matatandaang ang pasilidad na ito ay ipinatayo ng pamahalaang panlalawigan upang maging Provincial Rehabilitation and Detention Center at ginamit na pansamantalang kanlungan ng mga pamilyang naging biktima sa pagsabog ng bulkang Taal noong Enero 2020 bago ginawang isolation facility. **(BHABY P. DE CASTRO-PIA Batangas)**

# US$11.8M bahagi ng ayuda mula USAID, inilaan kontra COVID-19

**LUNGSOD NG MALOLOS (PIA) --** Naglaan ng 11.8 milyong dolyar ang Philippine Business for Social Progress o PBSP, sa pamamagitan ng ACCESS TB Project, bilang kontribusyon sa paglaban ng bansa sa coronavirus disease o COVID-19.

Sa katatapos na "Business-not-as-usual" webinar, inilahad ni PBSP ACCESS TB Project Program Manager Arnyl Araneta na nagmula ang naturang pondo sa 10 porsyentong bahagi ng kabuuang 118.5 milyong dolyar na ayuda ng United States Agency for International Development o USAID para sa mga programa upang pagalingin ang mga pasyenteng may tuberculosis o TB.

Ipinaliwanag ni Araneta na ang naturang alokasyon ay makakatulong upang proteksyunan laban sa COVID-19 ang mga nangangalaga sa may TB at mismong pasyente nito.

2.4 milyong dolyar dito ay inilaan na pambili ng mga personal protective equipment habang 1.1 milyong dolyar para sa mga biosafety cabinet.

Linaanan din ng pondo ang para sa hazard pay, mga fit testing kit, Xpert Machines at ibang gastusin.

Sa Bulacan, inilahad ni Provincial Health Office o PHO Head Jocelyn Gomez na may isang unit ng biosafety cabinet ang ipagkakaloob mula sa nasabing pondo.

Tiniyak din niya na patuloy ang pagpapatupad ng mga public health programs sa lalawigan partikular na ang pagpapagaling sa mga may TB kahit ngayong may pandemya.

Sinusunod aniya ng PHO ang mga itinakdang minimum health standards ng Department of Health.

Sa kasalukuyan, ipinahahatid na ng PHO, sa pamamagitan ng mga city at municipal health offices, ang mga gamot sa tirahan ng mismong pasyenteng may TB upang hindi na sumadya sa mga Directly Observed Treatment Short-course o DOTS Center ngayong bawal lumabas dahil sa umiiral na Modified Enhanced Community Quarantine. Layunin nito na hindi maputol ang gamutan. **(CLJD/SFV-PIA 3)**

## EDITORYAL

### 'Kalayaan'

**ANG pagpapaliban para sa school year 2020-2021 ay isang napakasensitibong usapin.**

**Napakaraming makabuluhan at mahalagang dapat mabalangkas bago bitiwan ang kapasyahan.**

**Nakasalalay sa usaping ito ang mga guro, mga kawani ng bawat paaralan, at mga magulang.**

**Higit sa lahat ay ang mga bata o ang mga mag-aaral dahil kaligtasan nila ang isinasaalang-alang.**

**Ang karaniwang bakasyon ay nakaukit na sa mga estudyante subalit paano ang isang buong taon?**

**Iba ang mentalidad ng mas nakararaming mag-aaral na ang pakiramdam ay magmistula silang bilanggo at ang hanap ay 'kalayaan.'**

**Isa lamang ito sa mga dapat mapag-aralan at mabigyan ng akmang kasagutan subalit dapat manaig ay ang kaligtasan ng mga mag-aaral.**

**ADVERTISING RATES**

COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm

LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm

HANEP Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/editor-in-chief*

Ang **'HANEP Basahin Mo Ito!**' ay inilalathala tuwing lunes sa HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. Sebastian Kawit, Cavite

**Contact#:** 0977-7844136/ 09298127638
**Email:** ronejed@yahoo.com
haneppublication@yahoo.com

**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**

*Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.* papi

# MAG-INANG MAGKAKUTSABA, MODUS BUKING SA GROSERYA

**ARESTADO ang mag-ina matapos na nag-umit ng tinatayang P3K halaga ng grocery items sa isang supermarket sa Dasmarinas City, Cavite.**

Nakakulong ang mag-inang Nelia de Castro , 38, vendor; at anak nitong si Mandy, 18, cashier ng SM Hypermark Kadiwa branch, at kapwa residente ng Block 74 Lot 27, Brgy Esteban, Dasmarinas City.

Inireklamo ang mag-ina ng security guard na si Chreishel Ann Villajin, 25, ng SM Hypermark sa Brgy Burol 1, Dasmarinas City.

Sa ulat ni Patrolman Roderick Bajado, ng Dasmarinas City Police Station, dakong alas-3:10 Linggo ng hapon nang pumasok sa nasabing supermarket si Nelia at nagpanggap na customer.

Napuna naman ng security guard na tila may iregularidad na ginagawa ang cashier sa Counter no. 22 na si Mandy kung saan ilan sa mga pinamili ni Nelia ay hindi ipina-punch at diretsong pinapasok sa eco bag nito.

Paglabas ng matandang De Castro ay sinita ng guwardiya kung saan hinanap ang resibo ng ilan sa mga pinamili subalit walang naipakita dahilan upang imbitahan sa security office at ipinatawag ang anak nito cashier.

Dito ay nabuking ang ginawang iregularidad at nalaman din na mag-ina ang dalawa.

Umabot sa P3,155 ang halaga ng pinamili at kasong Qualified Theft ang isinampa laban sa mag-ina. **GENE ADSUARA**

# Parak 'swak sa kanal

**SUGATAN** ang isang parak nang nahulog sa kanal ang minamanehong motorsiklo matapos umanong bumangga sa mga tumpok ng buhangin sa Dasmarinas City, Cavite.

Ginamot sa UMC Hospital ang biktimang si Patrolman Rodolfo Francisco, Jr., ng Dasmarinas City Police, at residente ng Core House Bancal, Carmona, Cavite.

Sa ulat ni PSSgt Donato Almenario, ng Dasmarinas CPS, dakong alas-9:35 Lunes ng gabi nang naganap ang insidente habang binabagtas ng biktima patungo sa direksiyon ng GMA at dahil madilim ang bahagi ng naturang kalsada ay hindi napansin na may mga tumpok na buhangin sa lugar kaya nawalan ng kontrol sa kanyang manibela kaya sumemplang patungo sa isang kanal.

Nakahiga pa ang biktima nang abutan ng mga rescuer ng Dasmarinas City at isinugod sa ospital. **GENE ADSUARA**



**ARESTADO** sina Leybe Reyes at Abubacar Siba sa buy-bust operation ng kapulisan ng Station Drug Enforcement Unit (SDEU) ng MPD Police Station-4 sa Ma. Clara St., Sampaloc, Maynila kamakailan. Narekober sa kanila ang apat na sachet ng hinihinalang shabu na tinatayang nasa halagang P340,000. **(J.ROBERT AMOROSO)**

# Hontiveros backs livelihood, employment plan for OFWs who can't return to work after pandemic

**WITH** thousands of Overseas Filipino Workers (OFWs) forced to return home due to the novel coronavirus (COVID-19) pandemic, Senator Risa Hontiveros today urged government to establish a reintegration plan to help provide decent employment or other means of livelihood to OFWs who will not be able to return to their work abroad.

"Hindi dapat pabayaan ng pamahalaan ang libo-libo nating kababayang OFW na biglang pinauwi sa bansa at ngayon ay nasa alanganin ang kabuhayan. Government by now must have a comprehensive reintegration plan in place to assist OFWs who unfortunately, may no longer be able to resume their jobs overseas even after the pandemic eases," she said.

Hontiveros made her call after the National Task Force for COVID-19 recently confirmed that around 42,000 OFWs are set to return to the Philippines for the months of May and June, on top of the 27,000 overseas workers who have arrived in recent months. According to Hontiveros, government aid to all displaced OFWs should not be limited to medical services, food and lodging for their mandatory 14-day quarantine, and should include livelihood and employment assistance to connect workers with alternative means of providing for their families.

"The Department of Labor and Employment (DOLE), the Department of Foreign Affairs, and agencies like the Overseas Workers Welfare Administration (OWWA) must double their efforts to ensure the speedy return of OFWs to their jobs abroad, now that more countries are beginning to ease their lockdown protocols. However for those who will not be able to go back, we should have a reintegration program that will bridge OFWs to locally-available jobs or forms of livelihood that not only match their skills or competencies, but also offer decent income," she said.

Relevant agencies, Hontiveros added, must also offer retraining programs to enable displaced OFWs, particularly those with specified skillsets such as seafarers, to learn new trades or professions in agri-business or other promising industries: "Hindi man makabalik ang ilang kababayan natin sa kanilang trahabo sa ibang bansa, kung may ganitong skills-building at livelihood programs ay madali silang makahanap ng ibang paraan ng trabaho o negosyo para tuloy-tuloy lang ang kanilang kita."

In the meantime, the senator said government should extend and widen the distribution of financial aid to displaced OFWs under the DOLE-AKAP and the Balik-Manggagawa assistance programs. "It is undeniable that many OFWs, including those who lost their jobs but are stuck overseas, continue to need financial assistance to feed their families. Instead of stopping these programs, we should even upgrade them in anticipation of the many more OFWs set to return home in the weeks to come," she said.

Hontiveros warned that if government fails to implement the necessary reintegration programs and services, the sheer number of unemployed OFWs in the future will create a "full-blown labor crisis" that will complicate the nation's recovery from the pandemic. Citing a recent paper from the Ateneo Center for Economic Research and Development, she said that as much as 300,000 to 400,000 OFWs may eventually lose their jobs or suffer from pay cuts due to the pandemic if government does not take decisive action.

"Kailangan maging handa tayo sa napipintong problema na ito. Sa dami ng naitulong ng ating mga OFW sa pamahalaan at sa ekonomiya sa mga nakalipas na dekada, dapat lang na tulungan natin sila ngayong ang mga "modern-day heroes" naman ang humaharap sa napakalaking pagsubok," she concluded. **PR**

# BOC generates Php 375M revenue from disposition of overstaying containers

**IN** line with the Bureau's mandate on border protection, the Bureau of Customs- Assessment and Operations Coordinating Group (AOCG) recorded a total of 1,317 disposed containers constituting 23% of the total abandoned or overstaying containers recorded from January 2020.

The actions taken by 7 of 17 ports in the disposition of overstaying containers resulted to revenue generation from public auctions amounting to Php 375,796,466.77 from 656 containers, condemnation of 427 containers, and donation of the remaining 234 containers.

Overstaying containers are either seized or abandoned. Under CMO 10-2020, overstaying cargoes for more than 30 days from the date of discharge which have not been withdrawn within the specified period of time shall be tagged abandoned, and upon finality of the Decree of Abandonment, the Bureau shall then make the proper determination as to its disposition.

Under Section 1141 of the Customs Modernization and Tariff Act, goods subject to disposition may be donated, declared for official use by the Bureau, or sold at public auction, while goods suitable for shelter, or consisting of foodstuffs, clothing materials, or medicines may be donated to DSWD. **PR**

# SK Imok, Calauan to start free student tutorials amidst pandemic

**BAY, Laguna (PIA)** – The Sangguniang Kabataan (SK) of Imok in the town of Calauan found a way to help students to have a productive stay at home amidst the Coronavirus Disease (COVID-19) pandemic.

SK Imok is offering a free home quarantine tutoring and home-schooling service dubbed as 'eSKwelantine 2020: A Home Quarantine Study Program' to students from their barangay and nearby villages that will start on June 7, 2020.

"Ginawa namin ang proyekto na ito sapagkat naniniwala kami na hindi natatapos sa loob ng silid-aralan ang pagkatuto ng mga bata. Nais namin na tuluy-tuloy ang pagkatuto ng mga bata kahit na may nararanasan tayong pandemya ngayon," SK Chair June Aldrin Gunio stated.

("We did this project because we believe that learning does not stop inside the school room. We want their learning to continue even amidst the pandemic we are currently experiencing.")

He stressed their aim as representative of the youth in their community to help students enhance their knowledge academically and to gain new skills even under community quarantine.

In their official Facebook page, SK Imok pronounced that this 'eSKwelantine program' may also serve as a recreational activity and a form of bonding among parents and their children.

This program is comprised of two projects such as the Project Bulilit and Project Techy.

"The Project Bulilit aims to teach basic lessons about English, Math, Science, and Filipino to our Day Care, Pre-Elementary, and Grades 1 to 3 students," explained SK Treasurer Joseph John Glore.

On the other hand, he said the Project Techy targets Grades 4 to 6 and even high schoolers to learn the basic concepts of Information, Communication, and Technology.

The mode of learning will be a combination of homeschooling, modular, and asynchronous online distance learning.

Members of the Sangguniang Kabataan of Imok will serve as the teachers and teaching personnel. They are also open to work with other volunteers who are willing to teach.

Glore said this is a continuation of SK Imok's Lakbay Aral Project which will be made to fit the current situation of the country where as much as possible there will no longer be face-to-face sessions and shall serve as preparation for the new normal.

He said the eSKwelantine was supposed to be exclusive for students who are residing in Brgy. Imok. But, due to the overwhelming feedbacks and support they are receiving from private individuals and various organizations even before the program starts, they have decided to expand the project's reach among nearby villages.

"We will be doing a house-to-house visitation to enroll the students, to gain the trust of the parents and to raise more awareness of our project," Glore added.Interested students, parents and guardians who have queries and need additional information about the program are advised to consult and contact the SK Imok Officials led by SK Chair Gunio through their Facebook Account Sangguniang Kabataan Ng Imok. **(Joy Gabrido/PIA4A)**

# TESDA PARTNERS WITH DND TO PROVIDE LIVELIHOOD TRAININGS TO FORMER REBELS

**CALOOCAN CITY (PIA) --The Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) in partnership with the Department of National Defense (DND) is set to provide livelihood training to former rebels who have returned in the folds of the law.**

This after the two agencies signed a 3-year MOA on May 15, stating that TESDA will provide free skills training, assessment, and issue certifications to qualified DND personnel who have undergone skills training and Trainers Methodology Course.

The trained DND personnel will assist TESDA by conducting skills training programs to former rebels, Indigenous people (IPs), and residents in far flung areas of the country.

The two government agencies will also form a Joint Technical Working Committee (JWTC) and designate their representatives who will conduct regular meetings to formulate, monitor, implement, and evaluate collaborative training programs and activities.

TESDA Secretary Isidro Lapeña assured that the skills training that will be provided to identified DND personnel will be relevant and up-to-date.

"Our experts and trainers will give a free trainers methodology course for them to ensure that they would have the necessary competencies of a Technical-Vocational Education and Training (TVET) trainer," he said.

Lapeña also thanked DND for trusting TESDA

"I would like to thank Defense Secretary Delfin Lorenzana for allowing TESDA to train its trusted personnel so they in turn, could train IPs and former rebels which affirms their mandate of being a reliable partner in national development and promotion of the welfare of the Filipino people," he added.

The DND also agreed that it will allow the use of its facilities and equipment for training and assessment, including the use of its vehicles to implement mobile training programs in far-flung areas in cooperation with TESDA Technology Institutions.

Lorenzana shared that TESDA and DND have been planning for a stronger partnership to create a secured and stable environment on conflict-affected areas to foster progress in far flung communities of the country.

"We've been talking about this for a long time and we recognize the importance of TESDA. Now that we are seeing a better implementation of the TESDA mission, I convey my sincerest gratitude for its whole trust and confidence to DND and AFP," he said.

Both agencies are active members of the National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC), a convergence of government agencies tasked by President Rodrigo Duterte to end insurgency in the country through whole-of-the-nation approach. **(TESDA/PIA-NCR)**

# DTI warns public against business name fixers

**CITY OF SAN FERNANDO, Pampanga (PIA) --** Department of Trade and Industry (DTI) warns the public from engaging the services of unauthorized individuals who promise to facilitate the registration of their business name, whether online or personal transaction.

"We give this warning against illegal fixers after reports of individuals charging fees for the online registration of the business names of micro, small and medium enterprises. This is illegal and insensitive at this time of the coronavirus disease pandemic," DTI Regional Director Judith Angeles said.

While the DTI is now providing online business name registration, the agency does not authorize any individual or organization to facilitate business name registration and charge exorbitant registration fees.

"Registrants should ask for an Official Receipt as proof of payment for their business name registration. The registration can be done online and fees can be paid through Paymaya, GCash or registrants can pay at the nearest provincial office in their area," Angeles added.

Fees for business name registration depend on the geographical scope of the business name.

The authorized fee is PhP200 + PhP30 for documentary stamps for those barangay in scope, PhP500 + 30 for those municipal/city in scope, PhP1,000 + 30 for those regional in scope, and PhP2,000 + 30 for those national in scope.

"Businessperson can go online to www.bnrs.dti.gov.ph to download the application form and apply for their business name. Inquiries may also be made at helpdesk@bnrs.dti.gov.ph," Angeles furthered. **(CLJD-PIA 3)**

# Plant, Plant, Plant Program, pormal na inilunsad sa Calapan

**LUNGSOD NG CALAPAN, Oriental Mindoro (PIA) --** Alinsunod sa pagdiriwang ng ika-122 taong anibersaryo ng Department of Agriculture (DA) at paggunita sa Buwan ng Magsasaka at Mangingisda, inilunsad kamakailan ng ahensya ang Plant, Plant, Plant Program sa Lungsod ng Calapan.

Pangunahing adbokasiya ng nasabing programa ang pagtiyak ng pagpapanatili ng seguridad at kahandaan ng pagkain sa loob ng bakuran ng bawat kabahayan ngayong panahong ipinatutupad ang quarantine bunsod ng pandemyang COVID-19.

Pinangunahan nina Agricultural Program Coordinating Officer – Oriental Mindoro (APCO-OrMin) Coleta Quindong, Calapan City Mayor Arnan C. Panaligan, Vice-Mayor Gil Ramirez ang paglunsad ng nasabing programa sa Brgy. Sta. Maria Village (SMV) kasama ang Punong Barangay, Kapitan Dave Cabrera.

Ayon kay APCO-OrMin Quindong, "ang paggunita sa Buwan ng Magsasaka at Mangingisda ay isang pagpupugay sa kanilang kontribusyon sa patuloy na produksyon ng pagkain para sa sambayanan. Ang Plant, Plant, Plant Program ay inilunsad sa panahon ng COVID-19, sa panahon ng quarantine ay makakaganap tayo sa pagtatanim sa ating mga bakuran at hindi na kailangang lumabas ng ating mga bahay. Sa sariling tanim natin tayo ay may pakikinabangan."

Sa ginanap na programa ay nakapagtanim sa isang bahagi ng lupang sakahan sa Brgy. SMV ng iba't-ibang gulay tulad ng sili, kangkong, patola, kalamismis, sitaw at upo ang mga tauhan ng DA at lokal na pamahalaan ng Calapan.

"Ang kasalukuyang COVID-19 pademya at quarantine ay nagpakita ng kahalagahan ng sektor ng agrikultura sa kabuhayan ng bansa. Ang krisis na apektado ang buong mundo ay nagpapatunay na ang isang bansa tulad ng Pilipinas ay hindi dapat umasa lamang sa importasyon ng mga pagkain kundi dapat ito'y maging food sufficient", ani ni Mayor Panaligan. **(LC/PIAMimaropa/Calapan)**

# Php10.1 Million Worth of Smuggled Cigarettes Seized in Zamboanga City

A joint team led by the BOC- Port of Zamboanga together with elements of Zamboanga City Police Station 8 and Joint Task Force Zamboanga intercepted 300 cases of assorted cigarettes bearing the brands Gundang Baru, Cannon White, Famous, Canyon, Berlin and Fort cigarettes at Istanbak, Brgy. Lower Calarian, Zamboanga City on May 26, 2020.

Accordingly, the smuggled cigarettes with an estimated value of Php 10,125,000.00 most likely came from Malaysia or Indonesia and will be distributed in ZAMBASULTA area.

The operation stemmed from the information received that certain individuals are engaged in cigarette smuggling at Lower Calarian near the Petron Depot.

The intensified anti-smuggling efforts in ports nationwide is part of the marching order of Customs Commissioner Rey Leonardo B. Guerrero.

The seized cigarettes were turned-over to BOC-Zamboanga for issuance of Warrant of Seizure and Detention for violation of Executive Order No. 245 titled Amended Rules and Regulations Governing the Exportation and Importation of Leaf Tobacco and Tobacco Products and Section 117 of RA 10863 otherwise known as Customs Modernization and Tariff Act. **PR**

# Pacquiao supports single EDSA bus route, pushes for Central Bus Terminals

**CALOOCAN CITY (PIA)** -- Boxing great turned politician Senator Manny Pacquiao has welcomed the move by the Department of Transportation (DOTr) and the Metro Manila Development Authority (MMDA) pushing for a single EDSA bus route, also called the "bus rapid transit project" aimed to streamline the bus operations in Metro Manila.

In a statement sent to the PIA-NCR, Pacquiao expressed his support following the pronouncement of officials of both government agencies that only a single bus route dedicated to EDSA would be allowed out of the 61 existing routes once strict quarantine rules in Metro Manila relaxes. Under the plan, buses shall occupy the median lane, complementing Metro Rail Transit 3 which runs along EDSA.

"This move is foreseen to drastically reduce the number of buses plying EDSA from 5,000 buses to just a little over one thousand. With this scheme, it is expected that traffic congestion in the busiest thoroughfare will be greatly reduced," Pacquiao said.

It can be recalled that sometime December last year, Senator Paquiao came out with a similar proposal and conducted a trial run with some transport department and MMDA officials present.

"I am very glad that Secretary Tugade and Chairman Lim are embarking on the project at this time. We share the same vision and I will submit, once needed, the senate resolution to ensure that such a plan be realized and supported immediately," he said.

At the same time, the senator also calls on officials of the DOTR as well as the MMDA for the immediate opening and operations of the integrated bus terminals for northern and southern Luzon provincial buses entering Metro Manila roads.

Pacquiao was referring to the plans of the executive branch to require all bus companies to cease their individual city terminals and terminate at central bus terminals outside Metro Manila.

These provincial terminals are located at the FTI Taguig and Sta. Rosa Laguna that will cater to the southern Luzon buses and the Philippine Arena and Valenzuela terminals for the northern Luzon buses.

The move was meant to help decongest Metro Manila with the planned closure of more than 70 provincial terminals, most of them located in EDSA and implementation of the ban on provincial buses from plying EDSA. A Quezon City court issued a preliminary injunction against the ban in July, last year.

Pacquiao, however, has another point for backing the terminals' immediate opening.

"At this time of pandemic, we need to ensure that all entry and exit points in Metro Manila can be controlled and where we can do the proper monitoring, cleaning and even contact tracing to prevent the further spread of the virus." said Pacquiao. "Imagine the difficulty if all the 16,000 provincial buses will be allowed to go inside Metro Manila once the travel restrictions is lifted?"

On the legal impediment on its implementation, he said "this should be no reason for the executive branch not to act on this at this point in time."

"The Bayanihan Act has given the executive branch the needed authority to ask the courts for the immediate lifting of the restraining order. The courts should listen as this is now about doing all that we can to fight this pandemic," he added. **(PIA NCR)**

# DELIVERY RIDERS AT SM MALLS IN CAVITE

### SM City Dasmariñas

**Jordan Catapang** 0977-802-7445
**Mark Anthony Lico** 0932-380-7349
**Jericho Ruero** 0966-588-4398
**Emmanuel Balagtas** 0926-367-3643
**Joel Bolanos** 0942-818-6441
**Allan Smarty Sibal** 0909-472-3930
**Joseph Panican Espenida** 0915-504-7146
**Gerald De Guzman** 0943-919-3810
**Joel Barcena** 0916-705-2330
**Jeffrey Raon** 0950-745-1774
**Reymark Raon** 0910-220-3800
**Ruan John Santos** 0945-130-1921
**Dellera Norito** 0951-669-0153
**Manuel Garfin** 0927-053-7220
**Gaulliver Alain Abad** 0950-896-2938
**Mark Joseph Turqueza** 0923-847-9084
**Reagan Rabi** 0921-824-4136
**Rafael C. Arceno** 0967-239-9737
**Ariel Garfin** 0915-420-8012
**Dennis Alcaraz** 0919-907-1487
**Melody Fortuno** 0926-450-7492
**Robert John Malvar** 0956-784-9919
**Al Velez** 0915-615-9715
**John Richard Dangel** 0915-094-0446
**Edmon Gutierrez** 0918-787-8757
**Nanrose Pacinio** 0948-222-8681
**Nelson Canonizado** 0927-235-7388
**Gerald Malunes** 0995-336-4947
**Ayie Cuerva** 0905-892-1863
**Erwin Gutierez** 0946-576-3340
**Ramil Mapula** 0948-281-2312
**Boyet Orcine** 09156734298
**Jovin Dela Torre** 09566611663
**Randy Yumol** 09950804265
**John Dennis *Quinto*** 0995-430-0777
**Arnel Penalos** 0997-331-8330
**Leonille Sollestre** 0930-896-5659
**Rogin Capistrano** 0966-578-5857
**Roderick Eborde** 0938-621-0014
**Roy Llegue** 0928-151-1088
**Edgar Salar** 0999-324-7850
**Decker Espejon** 0917-246-7563
**Arnold Parungo Jr.** 0997-853-0402
**Farli John Supat** 0997-665-1600

### SM City Bacoor

**Princeton Gianan** 0998-366-6198
**Christian Mark Anthony Ngoho** 0965-237-1160
**Alejandro Cahello Jr.** 0946-756-4447
**Joshua Rañola** 09096926983
**Michael Cate** 0950-302-0683
**Clark Francis Perez** 0966-583-9407
**Elpidio Valmoria Jr.** 0933-470-1045 / 0967-690-2077
**Harrold Payumo** 0927-051-9613 /
0995-088-3105
**Romeo Fernando** 0918-223-9864
**Richard Daryll Zabaljauregui** 0945-690-4779
**Macky Marasigan** 0916-370-8002
**Julius Alcaraz** 0927-453-8554
**Prince III Gianan** 0907-223-6054
**Zaldy Ansale** 0915-654-5394
**Randy Quillao** 0906-583-0918
**Ronald Rosales** 0956-981-8170
**Mark Anthony Gutierrez** 09561487227
**Jeffwald Rimando** 0915-160-1501
**Cris Villen Hizarsa** 0997-263-4008
**Jessel Cris Madrona** 0956-180-9738
**Ruperzon Barolo** 0927-262-2855
**Jeffer Dalupang** 0956-133-6451

### SM Marketmall Dasmariñas

**Gaulliver Abad** 09508962938
**Emmanuel Balagtas** 09263673643
**Reagan Mallari** 09218244136
**Dellera Nonito** 09516690153
**Jericho Ruero** 09665884398

